

**Pagtataya sa Antas ng Kakayahang Panlingguwistika ng mga
Mag-aaral sa Kursong Edukasyon ng Arellano
University- Main sa New Normal:
Batayan sa Mungkahing Kagamitang Pampagtuturo**

CARIAGA, MICHAEL CABANDAY
Arellano University, Manila, Philippines

ABSTRAK

Sa kabila ng bagong hamon na kinahaharap ng edukasyon sa paglaganap ng COVID-19 Pandemic at sa paglulunsad ng tinatawag na “new normal” sa sektor ng Edukasyon; nananatiling pokus ng kurikulum sa Filipino ang paglinang ng kakayahang komunikatibo ng mga mag-aaral. Sa maraming pag-aaral, inilatag ang kongklusyong upang matamo ang kakayahang ito ng mga mag-aaral, isa ang kakayahang panlingguwistika sa mga aspektong dapat malinang sa kanila. Mahalaga kung gayon ang pagtataya sa kakayahang panlingguwistika upang matamo ang nasabing layunin ng kurikulum sa “new normal”. Bunsod nito, isinagawa ang pananaliksik na naglalayong: una, matukoy ang antas ng kakayahang panlingguwistika ng mga mag-aaral sa kolehiyo ng Edukasyon ng Arellano University- Manila sa “New Normal” batay sa sumusunod na varyabol (a) salitang Pangnilalaman, (b) salitang Pangkayarian, at (c) mekaniks. Ikalawa, mailarawan ang pagkakaiba ng kakayahang panlingguwistika ng mga mag-aaral ayon sa mga nabanggit na varyabol. Ikahuli, mailahad ang kaugnayan ng mga salik gaya ng unang wika, at eksposyur sa midya sa antas ng kakayahang panlingguwistika ng mga mag-aaral. Sa pamamagitan ng teknik na random sampling, pinili ang kabuoan na 100 mag-aaral at ipinasagot ang pagsusulit gamit ang Google Form na dumaaan sa balidasyon. Matapos matuos ang datos gamit ang ang pagkuha ng mean, pagrarrango; limang eskalang batayan ni Richardson (2011) at ang F-Test /Post Hoc Analysis, natukoy na hindi pa ganap na nalilining ang kakayahang panlingguwistika ng mga mag-aaral, matapos na makuha ng mga mag-aaral ang “mababa” na antas sa halos lahat ng aspekto ng gramatika. Natuklasan din na magkakaiba ang antas ng kanilang kakayahang panlingguwistika sa mga bahagi ng panalita at mekaniks; at may kaugnayan ang unang wika, at eksposyur sa midya sa antas ng kakayahang panlingguwistika ng mga mag-aaral. Dahil dito, iminumungkahi ang mga sumusunod na batayang aklat sa pagtuturo-- Filipino 1: Sining ng Komunikasyon sa Akademikong Filipino ni Arogante J. et al. (2017), Balarilà ng Wikang Pambansa ni Galileo Zafra at ang KWF Manwal sa Masinop na Pagsulat upang mapaigting ang kakayahang panlingguwistika ng mga mag-aaral.

Keywords: kakayahang panlingguwistika, new normal, salitang pangnilalaman, salitang pangkayarian, mekaniks

PANIMULA

Malaki ang naging epekto ng pandemyang COVID-19 sa buong mundo; maraming mga bansa ang sumailalim sa *lockdown at Enhanced Community Quarantine* upang maiwasan ang patuloy na pagkalat ng *virus*. Subalit, kasabay ng mga pagtugon na ito na ginagawa ng pamahalaan, marami sa mga sektor ng lipunan ang nahirapan sa malawakang pagbabago. Isa ang Edukasyon sa maraming sektor sa lipunan ang sumailalim sa malawakang pagbabago na ito; ang pagbabago na ito ay tinatawag na “New Normal” ayon kay Dhawan (2020).

Ang *New normal* na lagay ng edukasyon ay humaharap sa iba’t ibang sitwasyon gaya nang naging normal na ang *work from home, distance teaching-learning, online meeting* sa mga kompanya, paaralan at iba pa. Sa katunayan, ang Department of Education (DepEd) ay gumagamit ng *e-books at modular distance learning* bilang tugon sa ‘new normal’ sa larangan ng edukasyon (Dhawan, 2020).

Sa kabila ng hinaharap ng buong mundo na pagtugon sa “New Normal” hindi pa rin dapat na isantabi ang pagsusulong sa dekalidad na edukasyon sa bansa. Ayon kay Dhawan (2020), marapat na patuloy na sikapin ng mga guro sa bawat paaralan na paigtingin ang pagpapaunlad sa kakayahan ng mga mag-aaral sa kabila ng malaking pagbabago sa paraan ng pagtuturo. Isa ang epektibong komunikasyon sa mga bagay na dapat malinang sa panahon ngayon.

Ang pakikipagkomunikasyon o pakikipagtalastasan ay bahagi na ng pang-araw-araw na gawain sa buhay ng isang tao. Ayon kay Webster (2011), kailanman ay hindi ito maihihiwalay sa sangkatauhan, sapagkat ang tao ay ipinanganak upang ang kanyang ideya ay maipahayag sa pamamagitan man ng pasalita o pasulat na kaparaanan.


Kaugnay nito, sa proseso ng pakikipagtalastasan, wika ang pangunahing elemento. Ang wika ayon kay Gleason, sa pagbanggit nina Garcia et al. (2008), ay masistemang balangkas ng mga sinasalitang tunog na inaayos at pinipili sa paraang arbitrario upang magamit sa komunikasyon ng mga taong kabilang sa isang kultura. Sa depinisyon, isang katangian ng anumang wika ang pagkakaroon ng sistema-- sistema ng mga tunog at mga kahulugan. Kapag ang sistema ng wika ay malalabag, magreresulta ito sa mali o malabong pahayag na labis na nakakaapekto sa daloy ng komunikasyon.

Sa ganitong pananaw uminog ang kaisipan ng kakayahang Lingguwistika (linguistic competence) na unang ipinakilala ni Noam Chomsky noong 1965. Tumutukoy ang kakayahang lingguwistika sa abilidad ng isang tao na makabuo at makaunawa ng maayos at makabuluhang pangungusap. Sa pananaw ni Chomsky (1965), ang kakayahang lingguwistika ay isang ideyal na sistema ng di-malay o likas na kaalaman ng tao hinggil sa gramatika na nagbibigay sa kaniya ng kapasidad na gumamit at makaunawa ng wika.

Ngunit, ayon sa pag-aaral ni Perey (2011) batay sa sinabi ni Hymes (1966), ang nagsasalita ay hindi lang dapat magkaroon ng kakayahang lingguwistika o gramatikal upang epektibong makipagtalastasan. Nararapat din niyang malaman ang paraan ng paggamit ng wika ng lingguwistikang komunidad na gumagamit nito upang matugunan at maisagawa ito nang naayon sa kanyang layunin. Dito ipinakilala ni Hymes (1966) ang kakayahang Komunikatibo (communicative competence) bilang reaksiyon sa naunang kakayahang pangwika. Ang paggamit ng wika nang wasto sa mga angkop na sitwasyon upang maging maayos ang komunikasyon, maipahatid ang tamang mensahe, at magkaunawaan nang lubusan ang dalawang taong nag-uusap. Kapag, umabot na rito batay kay Hymes (1966), masasabing ang taong ito ay nagtataglay ng kakayahang pangkomunikatibo

Sa kaparehong pag-aaral ni Perey (2011), sinabi na si Savignon (1972) ay nagpahayag ng kanyang pananaw ukol sa kakayahang komunikatibo. Ayon sa kanya ang binabanggit ng mga istrukturalista na kakayahan sa tamang pagbigkas, bokabularyo at gramatika ay isa sa mga pangunahing salik na bumubuo sa pagkamit ng kakayahang pangkomunikatibo. Nangangahulugan na malaki ang kahalagahan na unang mahasa sa isang indibiduwal ang kakayahang panlingguwistika bago ang iba pang kakayahan, dahil ito ang magsisilbing pundasyon ng iba pang kakayahang pangwika, ito ay ayon kay Savignon.

Makikita sa modelo ni Allwright (1977) sa Figyur 1 ang malinaw na kaugnayan ng kakayahang lingguwistika at kakayahang komunikatibo. Mamamalas na may bahagi ang kakayahang lingguwistika na tinatalakay sa kakayahang komunikatibo at mayroon ding bahagi ng kakayahang komunikatibo na napasasama sa pagtalakay sa kakayahang lingguwistika. Sa madaling sabi, magkakawing na parang kadena ang dalawang kakayahan na ito.



Figyur 1. Modelo ni Allwright sa kaugnayan ng kakayahang komunikatibo at kakayahang lingguwistika

Ang ganitong pagpapahalaga sa kakayahang panlingguwistika ay sinuportahan ni Lachica (1999) ayon sa pag-aaral ni Perey (2011) sa pagsasabing mahalaga ang ginagampanan ng gramatika sa pagpapahayag. Hindi sapat ang tamang pagpili ng mga salita lamang sa pagpapahayag, bagkus kailangan ding nasusunod ang wastong kaayusan ng mga salita. Kanyang binanggit na napakahalagang magsama ang tamang pagpili ng mga salita na siyang sakop ng retorika at ang tamang kaayusan ng mga salita na siya namang sakop ng gramatika. Samakatuwid, kailangang masanay ang mga mag-aaral sa tamang pagpili at tamang pagsasaayos tungo sa masining nilang pagpapahayag.

Ang isang mag-aaral kung gayon ay dapat na marunong sa mga tuntuning ito upang magamit niya nang tama ang wika sa pagpapahayag, pasalita man o pasulat. Samakatuwid, kailangan ang paglinang sa kakayahang panlingguwistika ng mag-aaral dahil mahalaga ito sa pagkakaroon ng kakayahang komunikatibo ng mag-aaral.

Ang paglinang ng kakayahang panlingguwistika at kakayahang komunikatibo ng mga mag-aaral ay nakasaad sa Binagong Kurikulum ng Pangkalahatang Edukasyon. Ang mga asignaturang Filipino sa kolehiyo ay dapat lumilintang sa pagkakaroon ng mga mag-aaral ng mga kasanayan sa wika. Ang Filipino 1 (Komunikasyon sa Akademikong Filipino) ay nakatuon sa paglinang sa kakayahan ng mga mag-aaral na gamitin ang wikang Filipino sa akademikong diskurso; ang Filipino 2 (Pagbasa at Pagsulat tungo sa Pananaliksik) ay nakatuon pa rin sa pagtatamo ng higit na mataas na antas ng kakayahang komunikatibo upang magamit sa lalong masaklaw na aspekto ng pananaliksik; at ang Filipino 3 (Masining na Pagpapahayag) ay nakatuon sa paggamit ng kakayahan sa wika sa masining na pagpapahayag.

Kung pagbabatayan ang mga pokus ng tatlong nabanggit na kurso, binibigyang-pansin sa mga ito ang paglinang sa kakayahang panlingguwistika ng mga mag-aaral tungo sa pagkakaroon nila ng kakayahang komunikatibo. Hindi masasabing may kakayahang pangkomunikatibo ang mga mag-aaral kung kulang ang kanilang kakayahang panlingguwistika (panggramatika) dahil isang pangangailangan ito sa pagkakaroon ng kakayahang komunikatibo, ayon kina Latec et al. (2011).

Pinatunayan ito ni Lachica (1999) na isa ang kasanayang panggramatika o panlingguwistika sa mga kailangan sa mabisang pagpapahayag, pasalita man o pasulat. Kasama nito ang kakayahang estratehikal, kakayahang sosyolingguwistika, at kakayahang magpapahayag.

Sa paglinang ng kakayahang komunikatibo at panlingguwistika ng mga mag-aaral, dapat na gumawa ang guro ng pagtataya upang matiyak na nalilintang sa mga mag-aaral ang mga kasanayang dapat malinang sa kanila. Ayon sa pag-aaral ni Perey (2011) sinabi ni Madsen (1983) na magkatuwang ang pagtuturo at pagtataya sa proseso ng pagtuturo at pagkatuto. Layunin ng pagtataya na tuklasin kung gaano ang pagkatuto ng mga mag-aaral sa anumang kasanayan o aralin, pagkatapos ng ginawang pagtuturo. Magagamit naman ng guro ang mga resulta ng pagtataya

bilang batayan sa pagsasagawa ng mga pagbabago sa kanyang pagtuturo at sa sarili. Bukod dito, malalaman ng guro ang mga kahinaang dapat lapatan ng lunas gayundin ang mga kalakasang dapat pang paunlarin sa mga maga-aral. Idinagdag pa na nakatutulong ang pagtataya sa pagkatuto at pagiging bihasa ng mga mag-aaral sa pangalawang wika sa pamamagitan ng paglikha ng positibong pananaw sa kanila.

Ayon kay Richards (1974) na binanggit ni Cortez (2010), may tatlong kahalagahan ang pagbibigay ng pagtataya na susuri sa antas ng kakayahan ng mag-aaral sa lingguwistika. Una, ang guro ay nabibigyan ng kaalaman kung ano ang dapat pang pag-aralan ng mga mag-aaral. Pangalawa, ang mananaliksik ay nabibigyan ng katibayan kung paano napag-aaralan o natututuhan ang wika. Pangatlo, mahalaga ang mga kamalian sa mismong mag-aaral, dahil ang pagkakaroon ng kamalian ay isang paraan upang matuto ang mga mag-aaral.

Sa isasagawang panggramatikang pagtataya, para kay Streven (1998), ang pagkakaroon ng kamalian ay normal at di-maiiwasang aspekto ng pagkatuto. Para sa kanya ang kamalian ay dapat tingnan bilang patunay na may nagaganap na pagkatuto at hindi isang pagkukulang sa panig ng mga mag-aaral. Kailangang matutuhang tanggapin ng mga guro na ang kamalian sa paggamit ng pangalawang wika ay natural at likas sa pagkatututo ng wikang ito.

Gayunpaman, hindi naman makabubuting hahayaan na lamang ang mga kamaliang ito dahil kung hindi ito maiiwasto ay mananatiling kamalian ito sa paggamit ng pangalawang wika. Bilang suporta nito sinabi ni Corder (1997) batay sa pag-aaral ni Perey (2011) na ang kalikasan at kalidad ng mga kamalian ng mag-aaral ay mahalagang pinagmumulan ng tungkol sa kalikasan ng kaalaman niya sa pinag-aaralang wika.

Ito ang naging sanligan at pundasyon ng pagnanais ng mga mananaliksik na tukuyin, suriin at ilarawan ang kakayahang panlingguwistika ng mga mag-aaral sa panahon ngayon na tinatawag na “New Normal.”

Ang naturang pananaliksik ay naglalayong; una, matukoy ang antas ng kakayahang panlingguwistika ng mga mag-aaral sa “New Normal” batay sa sumusunod na varyabol (a) salitang Pangnilalaman, (b) salitang Pangkayarian, at (c) mekaniks. Ikalawa, mailarawan ang pagkakaiba ng kakayahang panlingguwistika ng mga mag-aaral ayon sa mga nabanggit na varyabol. Ikahuli, mailahad ang kaugnayan ng mga salik gaya ng unang wika, at eksposyur sa midya sa antas ng kakayahang panlingguwistika ng mga mag-aaral.

Ang ganitong pagsipat sa kakayahan ng mag-aaral ay makatutulong upang makapagbigay ng mungkahing kagamitang pamgpagtuturo ang mga mananaliksik sa mga guro sa Filipino ng nasabing unibersidad. Kaugnay nito, sa pamamagitan din ng pag-aaral, mabibigyan ang mga mananaliksik at mga guro ng Filipino ng mga kaalaman tungkol sa kasanayang panggramatika ng mga mag-aaral lalo na ang mga dapat bigyang-diin sa pagtuturo. Magagabayan ang mga guro sa

kung ano-ano ang mga magiging layunin sa pagtuturo ng wika, mga angkop na gawaing lalong lilinang sa kakayahang panggramatika at komunikatibo ng mga mag-aaral pati na ang mga angkop na kagamitan sa pagtuturo upang mapataas ang kasanayang pangwika ng mga mag-aaral.

PAMAMARAAN

Upang mailarawan ang antas ng kakayahang Panlingguwistika ng mga mag-aaral, ginamit ang palarawang pag-aaral bilang disenyo ng pananaliksik. Sa pamamagitan ng mga iskor ng mga respondente sa isinagawang pagsusulit, natukoy at nailarawan ang antas ng kanilang kakayahang Panlingguwistika. Inilarawan din ang pagkakaiba ng kakayahang ito batay sa mga varyabol (i.e. salitang pangnilalaman, salitang pangkayarian, mekaniks) at ugnayan ng kakayahang panlingguwistika ayon sa unang wika, antas ng edukasyon at eksposyur sa midya.

Ang mga mag-aaral sa lahat ng antas sa Kolehiyo ng Edukasyon ang naging respondente sa pag-aaral. Sa pamamagitan ng teknik na random sampling, pinili ang tig-25 mag-aaral sa bawat antas. Napagkasunduan ang ganitong bilang upang makuha ang kalahating porsiyento ng kabuoang bilang ng mga mag-aaral sa bawat antas. May kabuoang 100 na mag-aaral ang naging respondente sa pananaliksik na ito.

Ang pangunahing instrumento na ginamit sa pananaliksik ay ang ginawang pagsusulit na nakapokus sa mga bahagi ng pananalita. Idinagdag din sa pagsusulit ang mekaniks dahil isa ito sa mga pundamental na kasanayan sa pagbuo ng pangungusap. Sa bahagi ng pananalita, ginamit na batayan ang pagpapangkat na ginawa ni Santiago (1986) at ito ay ang salitang pangnilalaman at salitang pangkayarian. Kabilang sa mga pangnilalaman ang mga pangngalan, panghalip, pandiwa, pang-uri, at pang-abay. Sa kabilang dako, kabilang sa mga pangkayarian ang mga panandang pantukoy, at pang-ukol; gayundin ang mga pang-ugnay na pangatnig at pang-angkop. Ang pagbabaybay at pagbabantas naman ang tinaya sa bahaging mekaniks. Nakatuon lamang sa morpolohiya, sintaktika, at semantika ng Filipino ang pag-aaral. Hindi kasama ang kakayahan ng mga mag-aaral sa ponolohiya ng Filipino dahil ang pag-aaral ay hindi sa aspektong pagsasalita ng mga mag-aaral.

Nagsimula ang mananaliksik sa pagbuo ng Talaan ng Ispisipikasyon (table of specification) upang una, matukoy kung ano-anong aspekto ng bahagi ng pananalita at mekaniks ang dapat na tayahin at ikalawa ay matukoy ang sapat na bilang ng bawat aytem sa pagsusulit. May kabuoang 65 na tanong ang pagsusulit at ito ay hinati sa mga sumusunod: 25 aytems para sa salitang pangnilalaman, 20 aytems para sa salitang pangkayarian at 20 aytems para naman sa mekaniks. Ang lahat ng aytem ay nasa pormang pagsusulit na may pagpipilian o multiple choice.

Upang matiyak na balido ang isinagawang pagsusulit bukod sa paggawa ng talaan ng ispisipikasyon, dumaan din ito sa balidasyon ng tatlong piling guro at dalubguro sa Filipino. Kung

saan, ang ilang aytem na hindi tugma, lubhang mahirap at lubhang madali ay pinalitan ayon sa mungkahing ibinigay ng mga nasabing balideytor.

Sa tulong ng mga propesor sa Kolehiyo ng Edukasyon, naipasagot sa pamamagitan ng Google Form ang pagsusulit sa mga respondente. Muli, upang tiyakin na balido ang magiging resulta, hinikayat ang mga propesor sa pamamagitan ng liham na ipasagot ito bilang isa sa mga rekisitos sa kanilang asignatura at hindi sarbey lamang. Bukod dito, ipinasagot lamang ang naturang pagsusulit sa loob ng isang oras at 10 minuto, sapat upang masagot ang 65 aytems na tanong.

Matapos ang pagpapasagot sa pagsusulit, tinaya ang mga iskor gamit ang pagkuha ng mean at pagraranggo. Ginamit ang limang eskalang batayan ni Richardson (2011) na may deskripsyong napakababa, mababa, katamtaman, mataas, at napakataas upang mailarawan ang antas ng kakayahang Panlingguwistika ng mga respondente. Sa pagtukoy naman ng makabuluhang pagkakaiba ng kakayahang panlingguwistika sa mga nabanggit na varyabol, ginamit ang estadistikang pormula ng F-Test at Post Hoc- Analysis para sa mga salitang pangnilalaman, salitang pangkayarian at mekaniks na may .05 level of significance. Upang makita kung may kaugnayan ang mga salik na unang wika, antas ng edukasyon at eksposyur sa midya sa kakayahang Panlingguwistika ng mga mag-aaral, ginamit ng mga mananaliksik ang Analysis of Variance (ANOVA) o F-Test.

RESULTA AT PAGTALAKAY

Pagtataya sa Antas ng Kakayahang Panlingguwistika sa Filipino ng mga Mag-aaral

Upang mataya ang antas ng kakayahan Panlingguwistika ng mga mag-aaral sa Filipino, pinangkat ang mga bahagi ng panalita sa dalawa ayon sa pagpapangkat ni Santiago (1985). Una ang mga salitang pangnilalaman at pangalawa ang mga salitang pangkayarian. Ang mga salitang pangnilalaman ayon kay Santiago ay tumutukoy sa mga nominal (pangngalan at panghalip), mga pandiwa at mga panuring (pang-uri at pang-abay). Ang mga ito ang nagtataglay ng pangunahing ideya ng pahayag kaya tinatawag na pangnilalaman. Kabilang naman sa mga salitang pangkayarian ang mga pang-ugnay (pangatnig at pang-angkop) at mga pananda (pangawil, pantukoy, at pang-ukol). Kaugnay nito, isinama rin ang mekaniks upang masuri hindi lamang ang kakayahan nila sa mga bahagi ng pananalita, bagkus maging sa wastong paggamit ng mga grafema na di-titik (pagbabantas) at ang pagbabaybay.

Matutunghayan sa Talahanayan 1 ang antas ng kakayahan ng mga mag-aaral sa aspektong salitang pangnilalaman. Makikita na ang may pinakamataas na kabuoang mean ay kakayahan sa Pang-abay (2.43) sinundan ng kakayahan sa Pang-uri (2.00) sumunod ang kakayahan sa Panghalip

(1.97), kakayahan sa Pandiwa (1.66) habang ang may pinakamababang kabuoang mean ay ang kakayahan sa Pangngalan (1.52).

Ipinahihiwatig ng resulta na sa limang kakayahan, sa Pang-abay mas bihasa ang mga mag-aaral. Subalit, kung titingnan ang natamo nitong antas tulad ng sa Pang-uri na pumangalawa rito, pareho itong nagtamo lamang ng katamtaman na antas. Nangangahulugan na ang kakayahan ng mga mag-aaral sa Pang-abay at Pang-uri ay masasabing may kahusayan bagamat hindi mataas ang kakayahan ng mga mag-aaral dito.

Ayon kay Shang (2020), ang pang-uri at ang pang-abay ay mahalaga sa paglalarawan ng kilos. Ito ang nagbibigay ng impormasyon kung paano ginagawa ang isang kilos ng pinag-usapan (subject) sa isang pangungusap. Kung walang pang-uri o pang-abay ang isang pangungusap, hindi magiging buo ang salaysay o hindi malaman kung paano, saan, kailan, at anumang tungkulin ang gustong malalaman sa isang pangungusap.

Sa ganitong pananalita, masasabi na ang kakayahan ng mga mag-aaral sa pang-abay at pang-uri ay makatutugon upang epektibo nilang maipahayag ang kanilang sasabihin. Madalas gamitin ang pang-uri at pang-abay sa pagpapahayag lalo na pagsasalaysay at paglalarawan kaya't lalong nasasanay ang mga mag-aaral sa paggamit ng mga pang-uri. Kapag nasasanay ang mga mag-aaral sa paggamit nito, nadaragdagan ang kanilang kaalaman dito upang masuri rin ang pagkagamit nito sa pasulat na anyo. Dadapwa't ang mga ito ay dapat pang linangin ng mga mag-aaral upang mas maging mataas ang kakayahan nila sa mga ito.

Ayon kay Maglaya (2003), sa pagtuturo ng wika gaya ng Filipino mula elementarya hanggang sa kolehiyo, pangunahing layunin nito ang paglinang sa kakayahan ng mga mag-aaral na magamit ang wika sa lalong maayos, masining, malikhain, makabuluhan, mabisa, at masaklaw na paraan, pasulat man o pasalita.

Kaugnay nito, sumang-ayon ang resulta sa natuklasan ni Epistola (2003) sa kanyang pagsusuri ng mga kamalian sa pasulat ng mga mag-aaral ng Baguio Colleges Foundation. Lumabas sa pag-aaral na pinakamababa ang bilang ng mga kamalian sa pang-abay sa ilalim ng mga kamaliang leksikal. Nangangahulugang may kahusayan ang kanyang mga respondente sa paggamit ng mga pang-abay sa pasulat.

Ang kabuohang resulta sa kakayahan ng mga mag-aaral sa pang-uri ay sumang-ayon sa natuklasan ni Epistola (2003) na nagsasabing kakaunti ang kamalian ng mga mag-aaral sa pang-uri. Nangangahulugang may taglay na kaalaman din ang kaniyang mga naging respondente sa tamang paggamit ng pang-uri. Gayon din sa pag-aaral ni Perey (2011), kung saan nanguna rin ang kakayahan ng kanilang mga respondente sa Pang-uri.

A. Kakayahan ng mga Mag-aaral sa mga Salitang Pangnilalaman

SALITANG PANGNILALAMAN	OVERALL MEAN	INTERPRETASYON	RANGGO
Kakayahan sa Pangngalan	1.52	<i>Mababa</i>	5
Kakayahan sa Panghalip	1.97	<i>Mababa</i>	3
Kakayahan sa Pandiwa	1.66	<i>Mababa</i>	4
Kakayahan sa Pang-uri	2.00	<i>Katamtaman</i>	2
Kakayahan sa Pang-abay	2.43	<i>Katamtaman</i>	1

Talahanayan 1. Kakayahan ng mga mag-aaral sa mga salitang pangnilalaman

Matutunghayan sa Talahanayan 1 ang antas ng kakayahan ng mga mag-aaral sa aspektong salitang pangnilalaman. Makikita na ang may pinakamataas na kabuoang mean ay kakayahan sa Pang-abay (2.43) sinundan ng kakayahan sa Pang-uri (2.00) sumunod ang kakayahan sa Panghalip (1.97), kakayahan sa Pandiwa (1.66) habang ang may pinakamababang kabuoang mean ay ang kakayahan sa Pangngalan (1.52).

Ipinahihiwatig ng resulta na sa limang kakayahan, sa Pang-abay mas bihasa ang mga mag-aaral. Subalit, kung titingnan ang natamo nitong antas tulad ng sa Pang-uri na pumangalawa rito, pareho itong nagtamo lamang ng katamtaman na antas. Nangangahulugan na ang kakayahan ng mga mag-aaral sa Pang-abay at Pang-uri ay masasabing may kahusayan bagamat hindi mataas ang kakayahan ng mga mag-aaral dito.

Ayon kay Shang (2020), ang pang-uri at ang pang-abay ay mahalaga sa paglalarawan ng kilos. Ito ang nagbibigay ng impormasyon kung paano ginagawa ang isang kilos ng pinag-usapan (subject) sa isang pangungusap. Kung walang pang-uri o pang-abay ang isang pangungusap, hindi magiging buo ang salaysay o hindi malaman kung paano, saan, kailan, at anumang tungkulin ang gustong malalaman sa isang pangungusap.

Sa ganitong pananalita, masasabi na ang kakayahan ng mga mag-aaral sa pang-abay at pang-uri ay makatutugon upang epektibo nilang maipahayag ang kanilang sasabihin. Madalas gamitin ang pang-uri at pang-abay sa pagpapahayag lalo na pagsasalaysay at paglalarawan kaya't lalong nasasanay ang mga mag-aaral sa paggamit ng mga pang-uri. Kapag nasasanay ang mga mag-aaral sa paggamit nito, nadaragdagan ang kanilang kaalaman dito upang masuri rin ang pagkagamit nito sa pasulat na anyo. Dadapwa't ang mga ito ay dapat pang linangin ng mga mag-aaral upang mas maging mataas ang kakayahan nila sa mga ito.

Ayon kay Maglaya (2003), sa pagtuturo ng wika gaya ng Filipino mula elementarya hanggang sa kolehiyo, pangunahing layunin nito ang paglinang sa kakayahan ng mga mag-aaral

na magamit ang wika sa lalong maayos, masining, malikhain, makabuluhan, mabisa, at masaklaw na paraan, pasulat man o pasalita.

Kaugnay nito, sumang-ayon ang resulta sa natuklasan ni Epistola (2003) sa kanyang pagsusuri ng mga kamalian sa pagsulat ng mga mag-aaral ng Baguio Colleges Foundation. Lumabas sa pag-aaral na pinakamababa ang bilang ng mga kamalian sa pang-abay sa ilalim ng mga kamaliang leksikal. Nangangahulugang may kahusayan ang kanyang mga respondente sa paggamit ng mga pang-abay sa pagsulat.

Ang kabuohang resulta sa kakayahan ng mga mag-aaral sa pang-uri ay sumang-ayon sa natuklasan ni Epistola (2003) na nagsasabing kakaunti ang kamalian ng mga mag-aaral sa pang-uri. Nangangahulugang may taglay na kaalaman din ang kaniyang mga naging respondente sa tamang paggamit ng pang-uri. Gayon din sa pag-aaral ni Perey (2011), kung saan nanguna rin ang kakayahan ng kanilang mga respondente sa Pang-uri.

Sa kakayahan sa pang-abay, sumalungat naman ang resulta sa kaparehong pag-aaral ni Perey (2011). Sa kaniyang pagtataya, isa ang pang-abay sa nasa hulihang ranggo ng kakayahan ng mga mag-aaral.

Samantala, ang mga sumunod naman dito na kakayahan tulad ng kakayahan sa Panghalip, Pandiwa at Pangngalan ay mayroong mababang antas. Nangangahulugan na pagdating sa tatlong nabanggit na aspekto, hindi matibay at hindi ganap ang kakayahan ng mga mag-aaral.

Ang natukoy na resulta ay sumang-ayon sa pag-aaral ni Tibagacay (2001). Kanyang natuklasan na sa ranggo ng mga kamalian sa sintaktika ang mga kamalian sa panghalip, pangngalan at pandiwa ay ilan sa mga nangunguna. Ibig sabihin, mas marami ang natatamong kamalian ng mga mag-aaral sa mga ito.

Sumang-ayon din ito sa resulta ng mga pag-aaral nina Taguba (1997), Tibagacay (2001), Hufana at Minong (1998) at Lartec (2002); kung saan, natuklasang may kahinaan sa pangngalan ang mga mag-aaral dahil kabilang ito sa mga nanguna sa ranggo ng mga kamalian nila sa pagpapahayag.

B. Kakayahan ng mga Mag-aaral sa mga Salitang Pangkayarian

SALITANG PANGKAYARIAN	OVERALL MEAN	INTERPRETASYON	RANGGO
Kakayahan sa Pang-ugnay	1.99	<i>Mababa</i>	2
Kakayahan sa Pananda	2.44	<i>Katamtaman</i>	1

Talahanayan 2. Antas ng kakayahan ng mga mag-aaral sa mga salitang pangkayarian

Matutunghayan sa Talahanayan 2, pagdating sa mga salitang pangkayarian, nanguna ang kakayahan ng mga –aaral sa Pananda (pantukoy, pang-ukol, at pangawil) kaysa sa kakayahan sa Pang-ugnay (pangatnig at pang-angkop).

Ipinahihiwatig ng resulta na ang mga mag-aaral ay mas maalam sa paggamit ng wastong pananda kaysa sa paggamit ng pang-ugnay. Subalit kung titingnan ang natamo nitong antas, katamtaman lamang ang kanilang kahusayan dito, nangangahulagan na hindi pa gaanong nalinang ang kakayahan ng mga mag-aaral sa paggamit ng mga panada, bahagyang nahahirapan pa sila sa gamit ng mga ito.

Sumang-ayon ang resulta sa pag-aaral ni Perey (2011), kung saan ang kaniyang mga respondente ay may katataman ding kakayahan sa paggamit ng pananda. Ayon sa kaniya, ang mga natuklasan ay nagpapatunay na kulang ang kakayahan ng mga mag-aaral sa gamit ng mga pananda o marker kaya dapat pang bigyang-diin ang mga ito ng mga guro sa kanilang pagtuturo.

Samantala, kung titingnan namn ang natamong antas ng kakayahan ng mga mag-aaral sa pang-ugnay, masasabi na hindi pa ganap at mababa ang kanilang kakayahan dito. Tumutugma ang resultang ito sa natuklasan ni Lartec (2004) na pumapangalawa sa karaniwang kamalian ng mga gurong mag-aaral sa isinulat nilang talaarawan ang mga koordinasyon o salitang nag-uugnay ng salita, parirala at sugnay. May kinalaman ito sa paggamit ng mga pang-ugnay dahil ayon kay Santiago (1985), ang mga pang-ugnay ay nagpapakita ng relasyon ng isang salita o parirala sa iba pang salita o parirala sa loob ng pangungusap.

Natuklasan naman ni Taguba (1997) sa kanyang pag-aaral na ang mga mag-aaral ay nagkakamali sa paggamit ng mga pangatnig sa kanilang pagsulat. Ganito rin ang resulta ng pag-aaral ni Epistola (2003) na kung saan ang mga mag-aaral ay may pagkakamali sa paggamit ng mga pang-ukol at pang-angkop.

Kung pagbabatayan ang lumabas na resulta tulad ng mga salitang pangnilalaman, ang paglinang sa kakayahan sa mga salitang pangkayarian ay dapat ding pagtuonan ng pansin ng mga guro upang mapaingting ang kakayahan ng mga mag-aaral sa mga ito.

C. Kakayahan ng mga Mag-aaral sa mga Mekaniks

MEKANIKS	OVERALL MEAN	INTERPRETASYON	RANGGO
Kakayahan sa Pagbabaybay	2.14	<i>Katamtaman</i>	1
Kakayahan sa Pagbabantas	1.99	<i>Mababa</i>	2

Talahaanayan 3. Antas ng kakayahan ng mga mag-aaral sa mga mekaniks

Matutunghayan sa Talahaanayan 3, pagdating naman sa kakayahan sa Mekaniks, mas mataas ang nakuha ng mga mag-aaral sa pagbabaybay na may kabuoang mean na 2.14 higit na mataas kaysa sa kakayahan sa pagbabantas na nakakuha lamang ng 1.99 na kabuoang mean.

Ipinahihiwatig nito na mayroon nang katamtamang kahusayan ang mga mag-aaral sa wastong pagbabaybay ng mga salita. Dadapwa't katamtaman lamang ito, ibigsabihin dapat pang pagtibayin ang kakayahan ng mga mag-aaral dito upang mapataas ang antas nito.

Ayon kay Mella (2021) karamihan sa hindi pagkakaintindihan ng mga tao ay bunga lang ng hindi maayos na pagbabaybay sa wika. Lalo na sa komunikasyon na ang tanging gamit ay pagsusulat, tanging mga salita at pangungusap lang umaasa ang mga tao para maihayag ang gustong sabihin. Kaya, mapagtatanto umano talaga kung gaano kahalaga ang tamang pagbabaybay sa mga salita.

Sa pahina ng Pilipino Mirror, sinabi na bilang manunulat, obligasyong maituturing na maituro sa mga natatanging mambabasa o tina-target na mambabasa ang tamang gamit ng salita, ispeling, gramatika at kung ano-ano pa. Kaya't hindi basta-basta ang pagsusulat, gaya ng iniisip ng marami. Pinag-iisipang mabuti iyan. Pinipili ang bawat katagang gagamitin. Hinihimay ang bawat pangungusap na bubuuin.

Sumang-ayon ang resulta sa pag-aaral ni Bendalan (2006), matapos niyang matukoy na mas mababa ang kamalian ng mga respondente niya sa pagbabaybay na may naitalang bilang na 83 (31.09%) kaysa sa pagbabantas naman ay 184 (68.91%).

Subalit, kung titingnan ang natamong antas sa kakayahan sa pagbabantas, mas nahihirapan ang mga mag-aaral dito kaysa sa pagbabaybay matapos nitong matamo ang mababang kaantasan. Nangangahulugan lamang ito na hindi pa ganap ang kakayahan ng mga mag-aaral hinggil sa wastong paggamit ng bantas. Ang resultang ito ay sumang-ayon din sa pag-aaral ni Bendalan (2006) kung saan nanguna ang kamalian sa pagbabantas (68.91%) at sumunod ang maling bantas (31.09%). Ibigsabihin, mas nahihirapan ang mga respondente sa angkop na pagbabantas.

Sinabi ni Abarca (1985) sa kanyang “Errors in the Formal Themes of the First Year Secondary Trade School Students of the Isabela School of Arts and Trades” na malala ang kamalian sa pagbabaybay dahil sa impluwensya ng diyalektong ginagamit sa pakikipagtalastasan, hindi lang kamalian sa kayarian ng pangungusap, kamalian sa gramatika kundi maging paggamit ng tamang bantas.

Pagkakaiba ng Kakayahang Panlingguwistika sa Iba’t Ibang Bahagi ng Panalita at Mekaniks sa Filipino

Bahagi ng pagtataya sa antas ng kakayahan ng mga mag-aaral sa lingguwistika ay ang pagtukoy sa makabuluhang pagkakaiba ng kanilang kakayahan ayon sa tatlong varyabol: salitang pangnilalaman, salitang pangkayarian at mekaniks. Sa bahaging ito, makikita ang pagkakaiba ng kanilang kakayahan ayon sa mga nabanggit na varyabol.

A. Pagkakaiba ng Kakayahang Panlingguwistika sa mga Salitang Pangnilalaman

<i>Kategorya</i>	<i>F</i>	<i>mean</i>	<i>p</i>	<i>REMARKS</i>
Pangngalan	1.926	1.52	0.130	significant
Panghalip	0.724	1.97	0.540	significant
Pandiwa	2.712	1.66	0.049	significant
Pang-uri	0.965	2.00	0.413	significant
Pang-abay	0.396	2.43	0.156	significant

POST HOC ANALYSIS			
<i>Comparison</i>	<i>Mean Difference</i>	<i>Sig.</i>	<i>Remarks</i>
Pangngalan vs. Panghalip	0.45	.000	significant
Pangngalan vs. Pang-uri	0.48	.000	significant
Pangngalan vs. Pandiwa	0.14	.000	significant
Pangngalan vs. Pang-abay	0.91	.000	significant
Panghalip vs. Pang-uri	0.03	.000	significant
Panghalip vs. Pandiwa	0.31	.000	significant

Panghalip vs. Pang-abay	0.46	.000	significant
Pandiwa vs. Pang-uri	0.34	.000	significant
Pandiwa vs. Pang-abay	0.77	.000	significant
Pang-uri vs. Pang-abay	0.43	.000	significant

Talahanayan 4 Pagkakaiba ng kakayahang panlingguwistika ng mga mag-aaral sa mga salitang pangnilalaman

Matutunghayan sa Talahanayan 4 ang pagkakaiba ng antas ng kakayahan ng mga mag-aaral sa mga salitang pangnilalaman. Makikita na may makabuluhang pagkakaiba ang limang kakayahan na ito batay sa lumabas na F-value nito ng mga ito na 1.926 (pangngalan), 0.724 (panghalip); 2.712 (pandiwa), 0.965 (pang-uri) at 0.396 (pang-abay).

Sa resulta ng Post Hoc Anaysis, may makabuluhan na pagkakaiba ang antas ng kakayahan ng mga mag-aaral sa pangngalan at panghalip dahil sa natuos na mean difference na 0.45 at p-value na .000 na mas mababa sa .05 level of significance. Nangangahulugan lamang na higit na nauunawaan ng mga mag-aaral ang panghalip dahil sa mas mataas na mean nito na 1.97 kumpara sa mean na 1.52 ng pangngalan. Ito ay dahil sa mas madaling makilala ang mga panghalip sa pangungusap kaysa sa pangngalan na maaaring maimali sa iba pang uri ng salitang pangnilalaman.

May makabuluhang pagkakaiba rin ang antas ng kakayahan ng mga mag-aaral sa panghalip at pandiwa matapos makuha ang mean difference nito na 0.31, ibigsabihin mas nauunawaan ng mga mag-aaral ang panghalip na may mean na 1.97 kaysa mean na 1.66 ng kakayahan sa pandiwa. Ang ganitong pagkakaiba ay nagbigay ng ideya na ang pagtukoy sa pangngalan gamit ang panghalip ay mas madali kaysa pagtukoy sa naganap na aksyon sa isang pangungusap. Indikasyon din nito na mas mahirap intindihin para sa mga mag-aaral ang mga alituntunin sa paggamit ng pandiwa kaysa sa alituntunin sa panghalip. Ito ay dahil pinakamahirap pag-aralan at ituro ang pandiwa dahil sa kalikasan nitong maraming aspekto at maraming mga katangian nitong dapat bigyang pansin sa pag-aaral ng wika lalo na sa pokus ng pandiwa.

Sa pagsusuring estadistikal, mapapansin din na may makabuluhang pagkakaiba ang antas ng kakayahan ng mga mag-aaral sa pang-uri at pang-abay dahil sa natuos na mean difference na 0.43 at p-value na .000 na mas mababa sa .05 level of significance. Nangangahulugan lamang na higit na nauunawaan ng mga mag-aaral ang pang-abay dahil sa mas mataas ang mean nito na 2.43 kumpara sa mean na 2.00 ng pang-uri.

Madalas na nahihirapan ang mga mag-aaral sa pagtukoy at paggamit ng pang-uri at pang-abay dahil sa likas nitong kaugnayan sa isa't isa. Maraming konteksto ng pang-abay ay nakasalalay

sa konteksto ng pang-uri. Kaya naman mula sa resulta, nangangahulugan lamang na mas bihasa ang mga mag-aaral sa wastong paggamit ng pang-abay kaysa pang-uri.

Tulad ng mga nabanggit, may makabuluhang pagkakaiba rin ang sumusunod: pangngalan at pang-uri na may mean difference (0.48); pangngalan at pandiwa (0.14), pangngalan at pang-abay (0.91); panghalip at pang-uri na may (0.03), panghalip at pang-abay (0.46); pandiwa at pang-uri (0.34) at pandiwa at pang-abay (0.77). Samakatuwid, tinatanggap ang haypotesis na may significant na pagkakaiba ang antas ng kakayahan ng mga mag-aaral sa mga salitang pangnilalaman.

B. Pagkakaiba ng Kakayahang Panlingguwistika sa mga Salitang Pangkayarian

<i>Kategorya</i>	<i>F</i>	<i>mean</i>	<i>p</i>	<i>REMARKS</i>
Pang-ugnay	1.294	1.99	0.281	significant
Pananda	0.101	2.44	0.059	significant

POST HOC ANALYSIS			
<i>Comparison</i>	<i>Mean Difference</i>	<i>Sig.</i>	<i>Remarks</i>
Pang-ugnay vs. Pananda	0.45	.000	significant

Talahanayan 5 Pagkakaiba ng kakayahang panlingguwistika ng mga mag-aaral sa mga salitang pangkayarian

Matutunghayan sa Talahanayan 5 ang pagkakaiba ng antas ng kakayahan ng mga mag-aaral sa mga salitang pangkayarian. Makikita na may makabuluhang pagkakaiba ang kakayahan sa pang-ugnay na may natuos na F-value na 1.294 at 0.101 sa kakayahan sa pananda.

Sa resulta ng Post Hoc Analysis, may makabuluhan na pagkakaiba ang antas ng kakayahan ng mga mag-aaral sa pang-ugnay at pananda dahil sa natuos na mean difference nito na 0.45 at p-value na .000 na mas mababa sa .05 level of significance. Nangangahulugan lamang na higit na nauunawaan ng mga mag-aaral ang pananda dahil sa mas mataas na mean na 2.44 kumpara sa mean na 1.99 ng pang-ugnay.

Mas nahihirapan ang mga mag-aaral sa gamit ng mga pang-ugnay na kinabibilangan ng mga pang-angkop, pangatnig at pang-ukol kaysa sa mga pananda na kinabibilangan naman ng mga pantukoy at pangawing. Nangangahulugan lamang na kulang pa ang kanilang mga kaalaman sa mga tuntunin ng paggamit ng mga pang-ugnay. Kung ibabatay naman sa mean, parehong hindi mataas ang kanilang mga iskor sa mga salitang pangkayarian kaya masasabing nahirapan sila rito.

Ayon kay Perey (2011) sa kaniyang pananaliksik, madalas na nalilito ang mga mag-aaral sa gamit ng pantukoy na sina at pang-ukol na nina. Pinapalitan nila ang “sina” ng “sila” gaya sa pangungusap na “Sila Maria ay pumunta sa ilog.” Kung susuriin, labag ito sa tamang tuntunin dahil ang pahayag dapat ay “Sina Maria ay pumunta sa ilog.” Gayundin, ang pang-ukol na “nina” ay pinapalitan ng “nila” gaya sa pahayag na “Malaki ang bahay nila Ana.” na dapat sana ay “Malaki ang bahay nina Ana.” Madalas na marinig ang ganitong kamalian pati sa telebisyon at radyo kaya nagagaya ng mga tagapakinig pati ang mga kamalian. Ang mga nabanggit ay mahalagang bigyang-diin sa pagtuturo ng mga guro ng wika.

Dahil sa resulta, tinatanggap ang haypotesis na may significant na pagkakaiba ang antas ng kakayahan ng mga mag-aaral sa mga salitang pangkayarian.

C. Pagkakaiba ng Kakayahang Panlingguwistika sa mga Mekaniks

<i>Kategorya</i>	<i>F</i>	<i>mean</i>	<i>p</i>	<i>REMARKS</i>
Pagbabaybay	0.862	2.14	0.464	significant
Pagbabantas	0.137	1.99	0.038	significant

POST HOC ANALYSIS			
<i>Comparison</i>	<i>Mean Difference</i>	<i>Sig.</i>	<i>Remarks</i>
Pagbabaybay vs. Pagbabantas	0.15	.000	significant

Talahanayan 6 Pagkakaiba ng kakayahang panlingguwistika ng mga mag-aaral sa mekaniks

Matutunghayan sa Talahanayan 6 ang pagkakaiba ng antas ng kakayahan ng mga mag-aaral sa mga mekaniks. Makikita na may makabuluhang pagkakaiba ang kakayahan sa pagbabaybay na may natuos na F-value na 0.862 at 0.137 sa kakayahan sa pagbabantas.

Sa resulta ng Post Hoc Analysis, may makabuluhan din na pagkakaiba ang antas ng kakayahan ng mga mag-aaral sa pagbabaybay at pagbabantas dahil sa natuos na mean difference na 0.15 at p-value na .000 na mas mababa sa .05 level of significance. Nangangahulugan lamang na higit na nauunawaan ng mga mag-aaral ang pagbabaybay dahil sa mas mataas na mean na 2.14 kumpara sa mean na 1.99 ng pagbabantas. Samakatuwid, tinatanggap ang haypotesis na may significant na pagkakaiba ang antas ng kakayahan ng mga mag-aaral sa mga mekaniks.

Ang ganitong resulta ay salungat sa inaasahan ng marami sa mga guro sa Filipino dahil ayon sa kanila mas mahirap unawain ang mga alituntunin sa pagbabaybay dahil komplikado na ang ilang tuntunin nito. Marami sa mga aklat ay tradisyunal pa rin ang nilalaman at hindi pa naaayon sa estandadong tuntunin ng paghihiram at pagbabaybay na binuo at pinagtibay nito lamang kasalukuyan ng Komisyon ng Wikang Filipino.

Gayunpaman, batay sa lumabas na datos sa kabila na mas mataas ang natuos na mean sa pagbabaybay, parehong may hindi kataasan na antas naman ang dalawang kakayahan na ito. Nangangahulugan na dapat pang paigtingin ang kakayahan dito ng mga mag-aaral.

D. Pagkakaiba ng Kakayahan Pangnilalaman, Kakayahang Pangkayarian at Kakayahan sa Mekaniks

<i>Kategorya</i>	<i>Overall Mean</i>	<i>Ranggo</i>
Salitang Pangnilalaman	37.50	2
Salitang Pangkayarian	38.50	1
Mekaniks	35.50	3
<i>F</i> = 180 <i>sig</i> .001		
POST HOC ANALYSIS		
<i>Kategorya</i>	<i>Mean Difference</i>	<i>Sig</i>
Pangnilalaman vs. Pangkayarian	0.98	.001
Pangnilalaman vs. Mekaniks	2.02	.001
Pangkayarian vs. Mekaniks	3.00	.001

Talahanayan 7 Pagkakaiba ng kakayahang panlingguwistika ng mga mag-aaral sa mga salitang pangnilalaman, salitang pangkayarian at mekaniks

Matutunghayan sa Talahanayan 7 ang pagkakaiba ng antas ng kakayahan ng mga mag-aaral sa tatlong pangunahing varyabol—salitang pangnilalaman, salitang pangkayarian at mekaniks. Makikita na may makabuluhang pagkakaiba ang tatlong kakayahan matapos matuos ang 180 na *F*-value mas mataas kaysa .001 na computed *p*-value.

Makikita sa resulta ng Post Hoc Analysis na may makabuluhang pagkakaiba ang kakayahan ng mga mag-aaral sa mga salitang pangnilalamang at pangkayarian matapos matuos ang 0.98 na mean difference nito. Ipinahihiwatig ng resulta na mas maalam ang mga mag-aaral sa salitang pangkayarian na may kauoang mean na 38.50 kaysa salitang pangnilalaman na mayroong 37.50 na kabuoang mean.

Ipinakikita rin ng resulta na may kabuluhang pagkakaiba ang kakayahan ng mga mag-aaral sa salitang pangnilalaman at mekaniks matapos matuos ang 2.02 na mean difference nito. Nangangahulugan na mas maalam ang mga mag-aaral sa salitang pangnilalaman kaysa mekaniks na may 35.50 na kabuoang mean.

Kapansin-pansin din base sa resulta ang malaking pagkakaiba ng kakayahan ng mga mag-aaral sa mga salitang pangkayarian at mekaniks matapos matuos ang 3.00 na mean difference nito. Ibig sabihin, mas nadadalian ang mga mag-aaral sa mga salitang pangkayarian kaysa mekaniks.

Sa kabuuan, naging makabuluhan ang pagkakaiba ng antas ng kakayahan ng mga mag-aaral sa mga salitang pangnilalaman, salitang pangkayarian at mekaniks. Nagpapahiwatig lamang ito na nagkakaiba ang kanilang performans sa mga bahagi ng panalita. Samakatuwid, tinatanggap ang haypotesis na may significant na pagkakaiba ang antas ng kakayahan ng mga mag-aaral sa iba't ibang bahagi ng pananalita at mekaniks.

Ayon kay Perley et al. (2011), magkakaiba ang mga tuntuning sinusunod sa iba't ibang bahagi ng panalita kaya magkakaiba rin ang antas ng kakayahan ng mga mag-aaral sa pag-intindi at paggamit ng mga ito. Bilang karagdagan, ang antas ng eksposyur sa paggamit at pag-aaral ng mga bahagi ng panalita ay magkakaiba rin kaya ito ang isang nakikitang dahilan kaya makabuluhan ang pagkakaiba ng kakayahan ng mga mag-aaral sa mga salitang pangnilalaman.

Dadapuwa't malaki ang pagkakaiba ng tatlong kakayahan, dapat pa rin na paigtingin ang pagtuturo sa mga ito upang ang katamtaman at mababa na antas ng mga mag-aaral sa tatalong kakayahan ay mapataas.

Pagkakaiba ng Kakayahang Panlingguwistika ng mga Mag-aaral Ayon sa Unang Wika at Habang Oras na Inilalagi sa Sosyal Midya (eksposyur sa midya)

Bahagi rin ng pagtataya sa antas ng kakayahan ng mga mag-aaral sa Kakayahang Panlingguwistika ay ang pagtukoy kung mayroong makabuluhang pagkakaiba ang Kakayahang Panlingguwistika sa mga salik na unang wika at eksposyur sa midya (habang oras na inilalagi sa sosyal midya). Matutunghayan sa bahaging ito ang naturang pagtataya.

Pagkakaiba ng Kakayahang Panlingguwistika ng mga Mag-aaral Ayon sa Unang Wika

A. Pagkakaiba ng Kakayahang Panlingguwistika ng mga Mag-aaral sa mga Salitang Pangnilalaman Ayon sa Unang Wika

<i>Kategorya</i>	<i>Tagalog</i>	<i>Bisaya</i>	<i>Ilokano</i>	<i>Iba pa</i>	<i>F</i>	<i>Sig.</i>
Pangngalan	2.08	2.03	1.87	1.91	0.750*	.525
Panghalip	2.67	2.59	2.22	1.45	3.266*	.025
Pandiwa	2.64	2.22	1.60	2.19	1.399*	.248
Pang-uri	2.30	2.49	2.13	2.09	0.471	.703
Pang-abay	2.84	2.89	2.47	2.64	0.479	.698

Talahanayan 8 Pagkakaiba ng kakayahang panlingguwistika ng mga mag-aaral sa mga salitang pangnilalaman ayon sa unang wika

Makikita sa Talahanayan 8 ang pagkakaiba ng kakayahan ng mga mag-aaral sa mga salitang pangnilalaman ayon sa unang wika. Gaya ng makikita sa talahanayan, pawang makabuluhan ang pagkakaiba ng antas ng kakayahan ng mga mag-aaral sa unang tatlong salitang pangnilalaman gaya ng pangngalan, panghalip at pandiwa ayon sa unang wika batay sa resulta ng F-test na 0.750, 3.266, 1.399 sa .05 level of significance na mas mataas kaysa sa computed p-value. Nangangahulugan ito na ang unang wika ng mga mag-aaral ay isang salik na maaaring batayan sa pagtataya sa kakayahan nila sa pangngalan, panghalip at pandiwa.

Matutunghayan na pagdating sa kakayahan sa pangngalan, nangunguna ang mga mag-aaral na may unang wika na Tagalog matapos matuos ang mean nito na 2.08, habang pinakamababa naman ang nakuhang kabuoang mean na 1.87 ng mga mag-aaral na may unang wika na Ilokano.

Kapareho rin na nanguna ang iskor ng mga mag-aaral na may unang wika na Tagalog pagdating sa kakayahan sa panghalip na may kabuoang mean na 2.67 at kakayahan sa pandiwa na may 2.64 na kabuoang mean. Habang pinakamababa naman sa panghalip ang mga mag-aaral na may unang wika na Bikolano, Kapampangan at Panggasinense na kapwa nakapaloob sa pangkat na Iba pa dahil sa natuos na 1.45 na kabuoang mean. Samantalang, Ilokano naman ang pinakamababa sa kakayahan sa pandiwa na may 1.60 na kabuoang mean.

Ang pangunguna ng Tagalog sa tatlong kakayahan ay hindi nakapagtataka dahil ang Tagalog ang batayan ng wikang pambansa. Bihasa ang mga Tagalog sa gramatika ng Filipino dahil sa wika nila mismo nakabatay ang wikang pambansa.

Ang unang wika ayon kay Benton (1987) ay wikang nakabihasan ng bata sa kanyang pagtuntong sa paaralan. Ipinahihiwatig nito na malaki ang epekto ng unang wika sa pagkatuto ng

mag-aaral ng pangalawang wika gaya ng Filipino. Ang epektong ito ng unang wika ay maaaring sanhi ng kadalihan o kahirapan ng mag-aaral sa pagkabihasa sa pangalawang wika.

Gayunpaman, makikita sa resulta na pagdating sa kakayahan sa pang-uri at pang-abay, walang makabuluhang pagkakaiba ang kakayahan sa mga ito ayon sa salik na unang wika matapos na matuos na mas mataas ang computed *p-value* na 0.703 (pang-uri) at 0.698 (pang-abay) kaysa sa .05 level of significance. Ipinahihiwatig ng resulta na anuman ang wika ng mga mag-aaral, hindi nagkakaiba ang kanilang antas ng kakayahan sa pang-uri at pang-abay.

Gaya ng ipinahihiwatig ng resulta at sa isinaad ni Perley et al. (2011), malaki ang nagagawa ng pagkakaroon ng kaalaman sa wikang pinag-aaralan dahil nakakatulong ito sa pagkakaroon ng mga mag-aaral ng dagdag na kaalaman sa pagpili ng mga salitang gagamitin sa paglalarawan. Hindi madali ang pagpili ng mga salitang gagamiting panlarawan o panuring sa iba pang salita sa loob ng pangungusap dahil nangangailangan ito ng imbak na kaalaman sa maraming mga salita. Sa kaso ng mga Tagalog, dahil ito ang pinagbatayan ng Filipino na siyang pinag-aaralan, nagkakaroon sila ng bentahe sa pagsuri ng mga salitang ginamit sa pangungusap kumpara sa ibang mga mag-aaral na natututo o nangangalap pa ng mas maraming pang-uri.

B. Pagkakaiba ng Kakayahang Panlingguwistika ng mga Mag-aaral sa mga Salitang Pangkayarian Ayon sa Unang Wika

<i>Kategorya</i>	<i>Tagalog</i>	<i>Bisaya</i>	<i>Ilokano</i>	<i>Iba pa</i>	<i>F</i>	<i>Sig.</i>
Pang-ugnay	4.32	4.43	4.20	4.18	0.0865	.967
Pananda	4.73	5.30	5.33	5.45	0.8360*	.477

Talahanayan 9 Pagkakaiba ng kakayahang panlingguwistika ng mga mag-aaral sa mga salitang pangkayarian ayon sa unang wika

Makikita sa Talahanayan 9 ang pagkakaiba ng kakayahan ng mga mag-aaral sa mga salitang pangkayarian ayon sa unang wika. Gaya ng pinakikita sa talahanayan, pawang makabuluhan ang pagkakaiba ng antas ng kakayahan ng mga mag-aaral sa salitang pangkayarian gaya ng kakayahan sa pananda ayon sa unang wika batay sa resulta ng *F-test* na 0.8360 sa .05 level of significance na mas mataas kaysa sa *computed p-value*. Nangangahulugan ito na ang unang wika ng mga mag-aaral ay isang salik na maaaring batayan sa pagtataya sa kakayahan nila sa pananda.

Matutunghayan na kaiba sa salitang pangnilalaman na kung saan laging nangunguna ang Tagalog, dito sa salitang pangkayarian partikular sa kakayahan sa pananda natuos na pinakamababa ang Tagalog na may 4.73 na kabuoang mean. Nangangahulugan lamang na sa kabila na ito ang batayang wika ng Filipino hindi pa rin masusukat na laging maalam at mahusay

ang mga mag-aaral na may unang wika na Tagalog sa lahat ng aspekto ng gramatikang Filipino. Ito ay natukoy matapos manguna ang iskor ng mga mag-aaral na may unang wika na Bikolano, Kapampangan at Panggasinene (kabilang sa pangkat na iba pa) na may kabuong mean na 5.45 sa kakayahan sa pananda.

Gayunpaman, makikita sa resulta na pagdating sa kakayahan sa pang-ugnay, walang makabuluhang pagkakaiba ang kakayahang ito ayon sa salik na unang wika matapos na matuos na mas mataas ang *computed p-value* na 0.08360 kaysa sa .05 level of significance. Ipinahihiwatig ng resulta na anuman ang wika ng mga mag-aaral, hindi nagkakaiba ang kanilang antas ng kakayahan sa pang-ugnay.

C. Pagkakaiba ng Kakayahang Panlingguwistika ng mga Mag-aaral Sa Mekaniks Ayon sa Unang Wika

<i>Kategorya</i>	<i>Tagalog</i>	<i>Bisaya</i>	<i>Ilokano</i>	<i>Iba pa</i>	<i>F</i>	<i>Sig.</i>
Pagbabaybay	4.62	4.92	4.07	4.18	1.237*	.301
Pagbabantas	4.51	4.92	4.47	4.64	0.344	.793

Talahanayan 10 Pagkakaiba ng kakayahang panlingguwistika ng mga mag-aaral sa mekaniks ayon sa unang wika

Makikita sa Talahanayan 10 ang pagkakaiba ng kakayahan ng mga mag-aaral sa mekaniks ayon sa unang wika. Gaya ng ipinakikita sa talahanayan, pawang makabuluhan ang pagkakaiba ng antas ng kakayahan ng mga mag-aaral sa mekaniks gaya ng kakayahan sa pagbabaybay ayon sa unang wika batay sa resulta ng F-test na 1.237 sa .05 level of significance na mas mataas kaysa sa *computed p-value*. Nangangahulugan ito na ang unang wika ng mga mag-aaral ay isang salik na maaaring batayan sa pagtataya sa kakayahan nila sa pagbabaybay.

Makikita na nanguna sa kakayahan sa pagbabaybay ang mga mag-aaral na may unang wika na Bisaya matapos na matuos ang 4.92 na kabuoang mean. Kung ikukumpara sa salitang pangkayarian na pinakamababa ang Tagalog, sa Mekaniks partikular sa kakayahan sa pagbabaybay ay pumangalawa ito matapos matuos ang 4.62 na kabuoang mean. Pinakamababa naman ang kabuoang mean na 4.07 ng mga mag-aaral na may unang wika na Ilokano.

Gayunpaman, makikita sa resulta na pagdating sa kakayahan sa pagbabantas, walang makabuluhang pagkakaiba ang kakayahang ito ayon sa salik na unang wika matapos na matuos na mas mataas ang *computed p-value* na 0.344 kaysa sa .05 level of significance. Ipinahihiwatig ng resulta na anuman ang wika ng mga mag-aaral, hindi nagkakaiba ang kanilang antas ng kakayahan sa pang-ugnay.

Pagkakaiba ng Kakayahang Panlingguwistika ng mga Mag-aaral Ayon sa Haba ng Oras na Inilalagi sa Sosyal Midya kada araw (*eksposyur sa midya*)

A. Pagkakaiba ng Kakayahang Panlingguwistika ng mga Mag-aaral sa mga Salitang Pangnilalaman Ayon sa Eksposyur sa Midya

<i>Kategorya</i>	<i>1-2 oras</i>	<i>3-4 oras</i>	<i>5-6 oras</i>	<i>7-8 oras</i>	<i>9-10 oras</i>	<i>11 pataas</i>	<i>F</i>	<i>Sig.</i>
Pangngalan	2.55	1.94	2.38	1.86	2.13	1.91	0.908*	.480
Panghalip	2.95	2.52	1.86	2.14	2.13	1.82	2.685*	.026
Pandiwa	2.45	1.87	2.24	1.71	1.75	2.09	0.846*	.521
Pang-uri	2.77	2.26	2.38	2.38	1.57	2.55	0.755*	.584
Pang-abay	2.86	3.06	2.43	3.14	2.25	2.64	0.803*	.550

Talahanayan 11 Pagkakaiba ng kakayahang panlingguwistika ng mga mag-aaral sa mga salitang pangnilalaman ayon sa eksposyur sa midya

Makikita sa Talahanayan 11 ang pagkakaiba ng kakayahan ng mga mag-aaral sa mga salitang pangnilalaman ayon sa eksposyur sa midya. Gaya ng makikita sa talahanayan, pawang makabuluhan ang pagkakaiba ng antas ng kakayahan ng mga mag-aaral sa salik na eksposyur sa midya batay sa resulta ng F-test na 0.908 (pangngalan), 2.685 (panghalip); 0.846 (pandiwa), 0.755 (pang-uri) at 0.803 (pang-abay) sa .05 level of significance na mas mataas kaysa sa computed p-value. Nangangahulugan ito na ang eksposyur sa midya (haba ng oras na inilalagi sa sosyal midya) ng mga mag-aaral ay isang salik na maaaring batayan sa pagtataya sa kakayahan nila sa salitang pangnilalaman.

Matutunghayan na sa kakayahan sa pangngalan, panghalip, pandiwa at pang-uri, nangunguna ang iskor ng mga mag-aaral na may 1-2 haba ng oras na inilalagi sa sosyal midya matapos matuos ang kabuoang mean nito na 2.55 (pangngalan), 2.95 (panghalip); 2.45 (pandiwa) at 2.77 (pang-uri). Pinakamababa naman ang nakuhang kabuoan mean ng mga sumusunod; 7-8 na oras sa kakayahan sa pangngalan na may 1.86 na mean; 11 pataas na oras sa kakayahan sa panghalip na may 1.82, 7-8 na oras sa kakayahan sa pangdiwa na may 1.71 na mean at 9-10 na oras sa kakayahan sa pang-uri na may 1.57 na mean.

Ang ganitong resulta ay nagpapatunay lamang na ang mahabang eksposyur sa midya ay isa sa mga salik bakit bumababa ang antas ng kakayahan ng mga mag-aaral sa gramatikang Filipino tulad ng sa mga salitang pangnilalaman. Ito ay pinatunayan ni Santos (2020) sa kaniyang pag-aaral na pinamagatang “Social Networking Sites: Ang Mga Epekto Nito Sa Mga Mag-aaral.”

Ayon kay Santos (2020), ang mga social networking sites na ito ay may mga hindi magandang naidudulot sa mga mag-aaral na dapat pagtuunan ng pansin. Ang pagbaba ng marka

sa mga asignatura ay isa sa mga masasamang dulot ng paggamit ng mga social networking sites. Sa halip na mag-aral ang ilang estudyante, inilalaan nila ang kanilang oras sa pakikipag-chat sa kanilang kaibigan. Bilang epekto nito, sila ay nagka-cramming sapagkat ang mga araling hindi nila naaral ay kanilang pinagtutuusan ng pansin sa mismong oras ng klase. Ang iba nga ay nagpupuyat pa dahil hindi nila mapigilan ang palagiang pagbisita sa kanilang mga account. Ang resulta ay wala sila sa pokus habang sila ay nasa loob ng silid-aralan. Physically present but mentally absent, ang sabi nga nila. Ang kanilang mundo ay umiikot na lamang sa mga social networking sites na nagiging sanhi upang hindi nila magampanan ang kanilang mga obligasyon bilang mga mag-aaral.

Sang-ayon din dito si Bruh (2016) matapos niyang sabihin na ang mahabang oras na pamamalagi sa sosyal midya ay maaring gawing tamad ang mga estudyante sapagkat pwede na lamang nilang hanapin sa internet ang mga sagot na kanilang kailangan sa mga ibinigay na mga gawain. Nakapagbibigay din ito ng maling impormasyon sapagkat hindi lahat ng mga impormasyon na makikita sa internet ay tama o makatotohanan. Maaari din nito maapektuhan ang “privacy” ng mga estudyante sa paggamit ng internet at social media at maari din silang mabiktima ng iba’t ibang mga cyber crimes at cyber bullying sa isang maling pindot. At higit sa lahat, sa madalas na paggamit ng internet at social media ay maaring magkaroon ng “addiction” dito ang mga estudyante at maubos ang kanilang oras na dapat ay ginagamit sa mas mahahalagang bagay.

Kaugnay nito, matutunghayan din sa talahanayan na pagdating sa kakayahan sa pang-abay, nangunguna ang iskor ng mga mag-aaral na may 3-4 na haba ng oras na inilalagi sa sosyal midya matapos matuos ang 3.06 na kabuoang mean nito. Pinakamababa naman ang mga mag-aaral na may 9-10 na haba ng oras matapos matuos ang 2.25 na kabuoang mean nito. Ipinahihiwatig nito na tulad lang din sa naunang apat na kakayahan, ang maikling oras na pamamalagi sa sosyal midya gaya ng 3-4 na oras na maituturin pa na maikli tulad ng 1-2 na oras ay isa sa mga salik ng pagtaas ng kakayahan sa gramatikang Filipino.

Sa kabuoan batay sa resulta, tinatanggap ang haypotesis na may significant na pagkakaiba ang antas ng kakayahan ng mga mag-aaral sa mga salitang pangnilalaman ayon sa salik na eksposyur sa midya.

B. Pagkakaiba ng Kakayahang Panlingguwistika ng mga Mag-aaral sa mga Salitang Pangkayarian Ayon sa Eksposyur sa Midya

<i>Kategorya</i>	<i>1-2 oras</i>	<i>3-4 oras</i>	<i>5-6 oras</i>	<i>7-8 oras</i>	<i>9-10 oras</i>	<i>11 pataas</i>	<i>F</i>	<i>Sig.</i>
Pang-ugnay	4.91	4.58	4.48	4.29	4.13	3.18	1.270**	.283
Pananda	5.86	4.94	5.10	5.00	4.88	4.29	0.858*	.513

Talahanayan 12 Pagkakaiba ng kakayahang panlingguwistika ng mga mag-aaral sa mga salitang pangkayarian ayon sa eksposyur sa midya

Makikita sa Talahanayan 12 ang pagkakaiba ng kakayahan ng mga mag-aaral sa mga salitang pangkayarian ayon sa eksposyur sa midya. Gaya ng makikita sa talahanayan, pawang makabuluhan ang pagkakaiba ng antas ng kakayahan sa pang-ugnay at pananda sa salik na eksposyur sa midya batay sa resulta ng F-test na 1.270 at 0.858 sa .05 level of significance na mas mataas kaysa sa computed p-value. Nangangahulugan ito na ang eksposyur sa midya (haba ng oras na inilalagi sa sosyal midya) ng mga mag-aaral ay isang salik na maaaring batayan sa pagtataya sa kakayahan nila sa kakayahan sa pang-ugnay at pananda.

Matutunghayan na sa kakayahan sa pang-ugnay at pananda, muling nanguna ang iskor ng mga mag-aaral na may 1-2 haba ng oras na inilalagi sa sosyal midya matapos matuos ang 4.91 (pang-ugnay) at 5.86 (pananda) na kabuoang mean nito. Tulad din sa salitang pangnilalaman, pinakamababa rin ang iskor ng mga mag-aaral na may 11 na oras pataas na inilalagi sa sosyal midya matapos matuos ang 3.18 at 4.29 na kabuoang mean ng mga nito.

Pinatutunayan muli nito na ang haba ng oras na inilalagi sa sosyal midya ay isa sa mga salik ng pagbaba ng antas ng kakayahan ng mga mag-aaral sa gramatikang Filipino.

Sa kabuoan batay sa resulta, tinatanggap ang haypotesis na may significant na pagkakaiba ang antas ng kakayahan ng mga mag-aaral sa mga salitang pangkayarian ayon sa salik na eksposyur sa midya.

C. Pagkakaiba ng Kakayahang Panlingguwistika ng mga Mag-aaral sa Mekaniks Ayon sa Eksposyur ssa Midya

<i>Kategorya</i>	<i>1-2 oras</i>	<i>3-4 oras</i>	<i>5-6 oras</i>	<i>7-8 oras</i>	<i>9-10 oras</i>	<i>11 pataas</i>	<i>F</i>	<i>Sig.</i>
Pagbabaybay	4.95	4.65	4.86	4.29	4.13	4.00	0.660*	.655
pagbabantas	4.91	4.48	4.19	3.91	5.13	3.71	0.971*	.440

Talahanayan 13 Pagkakaiba ng kakayahang panlingguwistika ng mga mag-aaral sa mekaniks ayon sa eksposyur sa midya

Makikita sa Talahanayan 13 ang pagkakaiba ng kakayahan ng mga mag-aaral sa mekaniks ayon sa eksposyur sa midya. Gaya ng makikita sa talahanayan, pawang makabuluhan ang pagkakaiba ng antas ng kakayahan sa pagbabaybay at pagbabantas sa salik na eksposyur sa midya batay sa resulta ng F-test na 0.660 at 0.971 sa .05 level of significance na mas mataas kaysa sa computed p-value. Nangangahulugan ito na ang eksposyur sa midya (haba ng oras na inilalagi sa sosyal midya) ng mga mag-aaral ay isang salik na maaaring batayan sa pagtataya sa kakayahan nila sa kakayahan sa pagbabaybay at pagbabantas.

Matutunghayan na sa kakayahan sa pagbabaybay at pagbabantas, muling nanguna ang iskor ng mga mag-aaral na may 1-2 haba ng oras na inilalagi sa sosyal midya matapos matuos

ang 4.95 (pagbabaybay) at 4.91 (pagbabantas) na kabuoang mean ng mga nito. Tulad din sa salitang pangnilalaman, pinakamababa rin ang iskor ng mga mag-aaral na may 11 na oras pataas na inilalagi sa sosyal midya matapos matuos ang 4.00 at 3.71 na kabuoang mean ng mga nito.

Ang ganitong resulta ay indikasyon na malaki ang epekto ng haba ng oras na inilalagi sa sosyal midya sa antas ng kakayahan ng mga mag-aaral sa mekaniks. Ang mahabang ang eksposyur sa midya ay nagpapababa ng kanilang kakayahan sa gramatikang Filipino.

Sa kabuoan batay sa resulta, tinatanggap ang haypotesis na may significant na pagkakaiba ang antas ng kakayahan ng mga mag-aaral sa mga mekaniks ayon sa salik na eksposyur sa midya.

LAGOM, KONGKLUSYON AT REKOMENDASYON

Matapos ang masusing pag-aanalisa sa resulta ng pananaliksik, nabuo ang mga sumusunod na lagom; una, para sa antas ng kakayahan ng mga mag-aaral sa lingguwistika, natukoy na mababa ang antas ng kakayahan ng mga mag-aaral sa mga salitang pangnilalaman na pangngalan, panghalip at pandiwa; salitang pangkayarian na pang-ugnay at mekaniks na pagbabantas. Katamtaman naman ang antas ng kakayahann ng mga mag-aaral sa mga salitang pangnilalaman na pang-uri at pang-abay; salitang pangkayarian na pananda at mekaniks na pagbabaybay.

Ikalawa, para sa pagkakaiba ng kakayahang panlingguwistika ng mga mag-aaral natukoy na may makabuluhang pagkakaiba ang kakayahan ng mga mag-aaral sa mga salitang pangnilalaman. Kung saan natukoy na sa limang aspekto nito, pinakamaalam ang mga mag-aaral sa pang-abay at pinakanahirapan naman sa pangngalan. May makabuluhang pagkakaiba ang kakayahan ng mga mag-aaral sa mga salitang pangkayarian at mekaniks. Kung saan natukoy na pinakamaalam ang mga mag-aaral sa pananda at pagbabaybay, habang pinakanahirapan naman sila sa pang-ugnay at pagbabantas. Natukoy din na pinakamaalam ang mga mag-aaral sa mga salitang pangkayarian habang nahihirapan naman sila sa mga mekaniks.

Ikatlo, para sa kaugnayan ng mga salik na unang wika at eksposyur sa midya sa kakayahang panglingguwistika ng mga mag-aaral, natukoy na may makabuluhang pagkakaiba rin ang kakayahan ng mga mag-aaral sa mga salitang pangnilalaman na pangngalan, panghalip at pandiwa ayon sa salik na unang wika. Dito napatunayan na ang mga mag-aaral na may unang wika na Tagalog ay mas maalam sa pangngalan, panghalip at pandiwa kumpara sa ibang unang wika ng mga mag-aaral.

May makabuluhang pagkakaiba rin ang kakayahan ng mga mag-aaral sa mga salitang pangkayarian at mekaniks ayon sa salik na unang wika. Kung saan natukoy na nanguna sa ranggo ang mga mag-aaral na may unang wika na Kapampangan, Panggasinense at Bikolano (pangkat na iba pa) sa kakayahan sa pananda habang Bisaya naman sa kakayahan sa pagbabaybay. Dahil dito natukoy na hindi sa lahat ng aspekto ng gramatika at retorika ay mas maalam ang mga mag-aaral na may unang wika na Tagalog kahit pa ito ang batayan ng wikang pambansa. Sa kabilang dako, anuman ang unang wika ng mga mag-aaral, hindi nagkakaiba ang kanilang antas ng kakayahan sa

mga salitang pangnilalaman na pang-uri at pang-abay, salitang pangkayarian na pang-ugnay at mekaniks na pagbabantas.

Gayunpaman, may makabuluhang pagkakaiba rin ang kakayahan ng mga mag-aaral sa mga salitang pangnilalaman, pangkayarian at mekaniks ayon sa salik na ekposyur sa midya (haba ng oras na inilalagi sa sosyal midya kada araw). Kung saan natukoy na mas maalam ang mga mag-aaral na mayroon lamang 1-2 oras na inilalagi sa sosyal midya kada araw sa tatlong kakayahan kumpara sa may 9-10 at 11 pataas.

Dahil sa mga nabanggit na lagom, nabuo ang kongklusyong hindi pa ganap na nalilinig ang kakayahang panlingguwistika sa Filipino ng mga mag-aaral sa kursong Edukasyon ng Arellano University- Main sa “new normal” batay sa mababa hanggang katamtaman na mga iskor nila sa karamihang bahagi ng panalita at mekaniks. Magkakaiba-iba ang antas ng kakayahang panlingguwistika ng mga mag-aaral sa mga salitang pangnilalaman, mga salitang pangkayarian at mekaniks dahil lumabas na may makabuluhang pagkakaiba ang mga iskor nila sa mga ito. Masasabi rin na may kaugnayan ang unang wika at ekposyur sa midya sa kakayahang panlingguwistika ng mga mag-aaral. Kung saan natukoy na ang mga ito ay maituturin na mga salik na nakaaapekto sa kakayahang panlingguwistika ng mga mag-aaral sa new normal.

Ang naturang resulta ay naglunsad sa mga mananaliksik upang bumuo ng mungkahing kagamitang pampagtuturo upang maiangat ang antas ng kakayahang panlingguwistika ng mga mag-aaral ngayong new normal.

Upang paunlarin ang kakayahang panlingguwistika ng mga mag-aaral sa Filipino tungo sa pagkakaroon nila ng ganap na kakayahang pangkomunikatibo, iminumukahi ang mga sumusunod na batayang aklat na nasuri ng mga mananaliksik at naimungkahi na sa maraming pag-aaral na maaaring magamit ng mga guro sa Filipino bilang batayan sa kanilang pagtuturo. Una ay ang hanguang aklat sa Filipino 1: Sining ng Komunikasyon sa Akademikong Filipino ni Arogante J. et al. (2017), National Bookstore Publishing. Ikalawa, Balarilà ng Wikang Pambansa ni Lope K. Santos Karapatang-sipi © 2019 ng introduksiyon ni Galileo Zafra at ng Komisyon sa Wikang Filipino. At ikatlo, KWF Manwal sa Masinop na Pagsulat Karapatang-sipi © 2014 ni Virgilio S. Almario at ng Komisyon sa Wikang Filipino. Ang mga nabanggit na batayang aklat ay nilikha batay sa makabagong pagbabago sa mga estandardisadong tuntunin ng Ortograpiyang Filipino. Mula sa mga aklat na ito, magkakaroon ng kalinawan at direksyon ang pagtuturo sa gramatika at retorikang Filipino.

Subalit, hindi magiging matagumpay ang layunin sa pagpapaunlad ng kakayahan ng mga mag-aaral sa lingguwistikang Filipino gamit lamang ng mga nabanggit na aklat; bagkus maging sa paraan ng pagtuturo dapat ay maging epektibo rin ang mga guro. Kaya naman itinatagubilin ng mga mananaliksik ang palagiang pagbibigay ng mga guro ng marami pang pagsasanay sa mga bahagi ng panalita at mekaniks na mahirap para sa kanila sa huling bahagi ng bawat pagtuturo. Ang pagwawasto at pagsasagawa ng incidental teaching sakaling nagkamali ang mga mag-aaral ay malaking tulong upang maiwasto ang kanilang mga kamalian sa gramatika. Mahalaga rin ang matamang pagwawasto ng mga komposisyon upang maitama ang mga kamalian sa gramatika.

Itinatagubilin din ang pagbibigay-diin ng mga guro sa mga bahagi ng panalita na sadyang nahihirapan ang mga mag-aaral gaya ng pangngalan, panghalip, pandiwa, pang-ugnay. Gayon din sa mekaniks na pagbabantas. Makakatulong ang pagbibigay ng mga karagdagang kagamitang pampagkatuto gaya ng mga modyul tungkol sa mga bahagi ng panalitang nabanggit at sa pagbabaybay at pagbabantas.

Ayon kay Perley et al. (2011), makatutulong sa mga mag-aaral na naghihirapan sa gramatika ang pagbibigay ng pansariling modyul at mga iba-ibang gawain na makakalinang sa kanilang kakayahang panggramatika sa Filipino. Hinihikayat din ang paggamit ng iba-ibang pamaraan at teknik sa pagtuturo upang masanay na magpahayag ang mga mag-aaral at nang malinang ang kanilang mga kakayahan sa wika.

Dahil may makabuluhang pagkakaiba ang iskor ng mga mag-aaral sa pagsusulit ayon sa eksposyur sa midya, iminumungkahi rin sa mga magulang na gabayan ang kanilang mga anak o maging sa mag-aaral na limitahan ang paggamit ng sosyal midya bagkus pagtuonan ng pansin ang pagbabasa ng aklat elektronik man o limbag.

Sa huli, hindi magiging matagumpay ang nasabing mungkahi kung hindi babaguhin ng mga mag-aaral kanilang persepsyon hinggil sa Filipino. Ayon kay Lartec (2004), puno't dulo ng kamangmangan ng mga Pilipino sa wikang Filipino ay ang pagsasantabi sa malaliman na pag-aaral sa Filipino dahil sa konotasyon na madali lamang ito sapagkat ito na ang kinagisnan nilang wika. Kaya naman bilang pangwakas na mungkahi, itinatagubilin ng mga mananaliksik na magkaroon ang mga mag-aaral ng pagpapahalaga, inisyatibo at labis na pagnanais na paunlarin ang kanilang kakayahan sa wikang Filipino. Sa ganitong usapin, makatutulong din ang mga guro sa pagmomodipika ng isip ng kanilang mag-aaral sa pamamagitan ng kanilang pamamatnubay at paraan ng pagtuturo.

SANGGUNIAN

ALMARIO V. (2014). Manwal sa Masinop na Pagsulat. ISBN 978-971-0197-34-7. KOMISYON SA WIKANG FILIPINO Gusali Watson, 1610 Kalye J.P. Laurel, San Miguel, Maynila 1005 Tel. (02) 736-2525 · (02) 736-2519 Nakuha sa https://kwf.gov.ph/wp-content/uploads/MMP_Full.pdf

AROGANTE, J., & Garcia L. (2004). Kakayahang Pilipino sa komunikasyong Filipino. Mandaluyong City: National Book Store.

CHOMSKY, N. 1965. Aspects of the Theory Syntax. The Hague: Newton.

DHAWAN, S. (2020). Epekto ng “Online Learning Mode” sa Aspektong Sikolohikal ng mga Mag-aaral sa Kursong “Accountancy” sa Pamantasang Teknolohikal ng Rizal – Pasig Campus. Nakuha sa <https://www.studocu.com/ph/document/rizal-technological-university/bs-accountancy/practical/epekto-ng-online-learning>

LACHICA, V. (1994). Komunikasyon at linggwistika. Manila: Rex Book Store.

- LACHICA, V. (1999). *Wika ng retorika*. Manila: MK Imprint.
- LARTEC, J. (2004). *Pagsusuring linggwistika at sikolinggwistika sa talaarawan ng mga gurong mag-aaral sa kolehiyo ng edukasyong pangguro ng Benguet State University*. Unpublished Ph.D. dissertation. Baguio City: University of the Cordilleras.
- LARTEC, N. (2002). *Pasalitang kakayahang panlinggwistika ng mga mag-aaral ng Filipino sa Sablan National High School*. Unpublished master's thesis. Benguet State University, La Trinidad, Benguet.
- LARTEC, N. (2009). *Antas ng pag-unawa sa pagbasa ng mga mag-aaral ng Filipino sa University of the Cordilleras*. Baguio City: University of the Cordilleras.
- NILDA B. (2006). *Panlinggwistikang Pagsusuri sa mga Talaarawan ng mga Kadete ng Philippine Military Academy*. Benguet State University, La Trinidad, Benguet.
- PEREY et al. (2011) *Kakayahang Panggramatika sa Filipino ng mga Mag-aaral sa University of the Cordilleras*. Unpublished Ph.D. dissertation. University of the Philippines-Baguio, Baguio City
- RICHARDS and SIMPSON. 1974. *The Study of Learner English*. In J.C. Richards ed. *Error Analysis. Perspective in Second Language Acquisition*. London: Longman.
- RICHARDS, J.C. 1974. *Error Analysis on Second Language Strategies in Focus on the Learner: Pragmatic Perspectives for the Language Teacher*. Rowley Mass: Newbury House.
- SANTIAGO, A. (1985) *Makabagong balarilang Filipino*. Manila: Rex Book Store.
- SANTIAGO, A. O. 1985. *Linggwistika at Panitikan*. Manila: Rex Printing company, Inc.
- SANTIAGO, A., & Tiangco, N. (2003). *Makabagong balarilang Filipino*. Manila: Rex Book Store.
- SAVIGNON, S.J. 1972. *Communicative Competence: An Equipment in Foreign Language Teaching*. Philadelphia: Center for Curriculum Development.
- TIBAGACAY, M. (2001). *Mga karaniwang kamalian sa pagsulat sa wikang Filipino ng mga kadete sa Akademyang Militar ng Pilipinas*. Unpublished master's thesis. Benguet State University, La Trinidad, Benguet.
- Zafra G. (2019) *BALARILÀ NG WIKANG PAMBANSÁ* Lope K. Santos. KOMISYON SA WIKANG FILIPINO Gusali Watson, 1610 Kalye J.P. Laurel, San Miguel, Maynila 1005 Tel. (02) 736-2525 · (02) 736-2519. Nakuha sa <https://kwf.gov.ph/wp-content/uploads/Balarila-ng-Wikang-Pambansa-1.pdf>